**Pamagat**: Ang Mga Taong Hindi Maka-Dios

**Texto**: Jude 4 – "For there are certain men crept in unawares, who were before of old ordained to this condemnation, ungodly men, turning the grace of our God into lasciviousness, and denying the only Lord God, and our Lord Jesus Christ."

> Pagsasalin: Sapagkat may ilang taong nakapasok nang lihim, ang mga iyon ay matagal nang itinalaga sa kahatulang ito, mga hindi maka-Diyos, pinapalitan nila ang biyaya ng Dios sa kalaswaan, at tinatanggihan ang iisang Panginoong Diyos, at ang ating Panginoong Jesu-Cristo.

**Panimula**:

1. Ang mga taong hindi maka-Diyos ay dakilang kaaway ng mga iglesia o mga simbahan.
2. Susuriin natin ngayon ang ilan sa kanilang modus operandi at mga katangian upang hindi tayo maapektohan ng kanilang kasinungalingan at kalokohan.

I. **Mga Katangian ng Hindi Maka-Dios**.

A. Sila ay tumatagos o lumulusot – infiltrate or nag-"crept in." – markado sila ng secrecy or stealth-like behavior. Karaniwang sumasama sa pagpupulong, pero iba ang paniniwala, iba rin ang agenda. Wala silang honesty at transparency (aninaw). (Acts 20:28-30; 2 Pet. 2:1-3)

B. Itong mga hindi maka-Dios ay pagala-galang tagapagturo ng mali, at dala nila ang mga maling doktrina. (Matt. 7:15; 1 John 4:1; 2 John 10).

C. Sila ay mga tumalikod sa pananampalataya – at hindi na nila dinadala ang buong dokrina ng Salita ng Dios. (2 Pet. 2:1-3).

D. Sila ay ihinanda para sa nakatakda na ng parusa; o itinalaga sa kahatulan. – Ito ay dahil alam ng Dios ang kanilang gawa at sila ay may pananagutan sa sarili nilang gawa.

E. Pinapalitan nila ang grasya ng Dios sa kalaswaan:

E.1. Contemporary Christian Music

E.2. Emerging Church/New Calvinism

E.3. Ginagamit nila ang kalayaan nila bilang Christiano para gumawa ng mali or kasalanan.

F. Tinalikuran nila ang Panginoong Jesus o Tinatanggihan nila ang Pagkamuno ni Jesus. (Titus 1:16; sila ay hahatulan ng Panginoon, Matt. 7:21-23). Sa pagtatanggi nila Kay Jesus, ginawa nila ang kanilang sarili bilang Panginoon. [Ang v.4 ay katunayan ng Pagkadios ni Jesus!]

II. **Mga Aralin at Babala patungkol sa Hindi Maka-Dios**.

A. Huwag natin isispin na dahil tayo ay malaya na ang kalayaan natin ay kalayaan na gumawa ng mali o kasalanan. (Lalo na sa kalaswaan or immorality)

B. Lahat ng gumagawa ng ganitong pag-uugali ay mapapasailalim ng poot ng Dios at ng Kanyang hatol.

C. Dapat labanan o pigilan sila ng igelsia.

D. Iniligtas tayo ng Dios sa kasalanan hindi para tayo ay magpatuloy sa kasalanan.

**Katapusan**:

1. Ang mga False Teachers are na influence ng mga maling turo. At lahat ng mga maling turo ay galing kay Satanas. (1 Tim. 4:1)
2. Kaya sila ay gumagawa sa lihim dahil ayaw nila sa liwanag ng Salita ng Dios. (2 Cor. 8:21)
3. Tulungan nawa tayo ng Banal na Espiritu na panindigan ang pananampalataya sa oras na ito upang mabigyan kaluwalhatian ang Dios sa ating iglesia.